

Changes to Academic Indicator Participation Rate Calculation for the Dashboard

Inaatasan ng Every Student Succeeds Act (ESSA) ang lahat ng estadong suriin ang 95 porsiyento man lang ng lahat ng mga mag-aaral at mga pangkat ng mag-aaral sa sining ng wilang Ingles/literasiya (ELA), matematika, at agham. Inaatasan din nito ang mga estado na isali ang rate ng paglahok sa kanilang mga sistema ng pananagutan, na, para sa California, ay ang Academic Indicator. Ang Academic Indicator ay batay sa Smarter Balanced summative assessments at sa California Alternate Assessments para sa ELA at matematika. Sa kasalukuyan ay **hindi nito** kasama ang mga pagtatasa sa agham.

Para sa alinmang lokal na ahensyang pang-edukasyon (LEA), paaralan, o grupo ng mag-aaral na may mas mababa sa 95 porsiyento ng mga estudyanteng nasuri, ang ESSA ay nag-aatas ng multang ilalapat sa Academic Indicator. Para matugunan ang pederal na inaatas na ito, **simula sa 2022 Dashboard**, magtatalaga ang California ng Lowest Obtainable Scale Score (LOSS) sa bawat mag-aaral na kailangang dalhin ang rate ng partisipasyon ng paaralan, distrito, at/o pangkat ng mag-aaral sa 95 porsiyento. Ang LOSS na nakatalaga sa bawat isa sa mga mag-aaral na ito na hindi nasuri ay gagamitin sa pagkalkula ng Distance from Standard (DFS). Tandaan na ang pagtatalaga ng LOSS sa mga hindi nasuring mag-aaral ay nagaganap lang kapag kinalkula ng CDE ang Dashboard Academic Indicator. Ang mga mag-aaral na hindi nasuri **ay hindi** makakatanggap ng LOSS sa kanilang indibiduwal na mga ulat ng marka ng mag-aaral na California Assessment of Student Performance and Progress (CAASPP) o sa CAASPP Student Score Data File.

Kalkulasyon ng Rate ng Partisipasyon sa 2022 Dashboard Gamit ang Bagong Metodolohiya

Ang **bagong** metodolohiya ay tumitingin sa bilang ng mga mag-aaral na kailangan para madala ang rate ng partisipasyon ng LEA, paaralan, o pangkat ng mag-aaral sa 95 porsiyento. Ang bawat isa sa mga mag-aaral na ito ay bibigyan ng isang DFS batay sa pagtatalaga ng marka ng LOSS.

- Para sa ELA, ang DFS ng -279 ay ilalapat sa bawat mag-aaral na natalagahan ng LOSS.
- Para sa matematika, ang DFS ng -247 ay ilalapat sa bawat mag-aaral na natalagahan ng LOSS.

Halimbawang LEA Gamit ang Bagong Kalkulasyon ng Multa sa Rate ng Partisipasyon para sa ELA

Impormasyon ng LEA	Bagong Metodolohiya ng Partisipasyon
Bilang ng mga mag-aaral na naka-enroll sa panahon ng pagsusuri na palugit sa mga baitang 3–8 at baitang 11 at karapat-dapat na lumahok sa ELA summative at mga alternatibong pagtatasa	355 mag-aaral
Bilang ng mga mag-aaral na kailangang masuri upang maabot ang 95% na target na rate ng paglahok	338 mag-aaral ($355 \times 0.95 = 337.25$ nai-round sa 338)
Bilang ng mga mag-aaral na nasuri	268 mag-aaral
Kaibahan sa pagitan ng Row 2 (bilang ng mga mag-aaral na kailangan para matugunan ang 95%) at Row 3 (bilang ng mga mag-aaral na nasuri)	70 mag-aaral (338 mag-aaral ang kailangan – 268 mag-aaral ang nasuri)
Kalkulasyon ng multa sa rate ng partisipasyon	Ang bawat isa sa 70 mag-aaral ay tatalagahan ng LOSS score at makakatanggap ng DFS ng -279 (DFS para sa ELA). $70 \times (-279) = -19,530$ multa

Impormasyon ng LEA	Bagong Metodolohiya ng Partisipasyon
Inayong kalkulasyon ng DFS Tandaan: Ang suma ng lahat ng DFS ng mga nasuring mag-aaral, bago ang multa, ay 4,355.	4,355 (DFS na walang multa) bawas ang 19,530 (multa sa rate ng partisipasyon) = -15,175
Panghuling kalkulasyon ng DFS	-15,175 hinati sa 338 (dami ng mga mag-aaral na kailangan para matugunan ang 95 porsiyentong target) = -44.9 Ang DFS ng LEA ay -44.9 points mula sa Achievement Level 3 Standard Met.

Metodolohiya para sa Nakaraang Multa sa Rate ng Partisipasyon

Ang **naunang metodolohiya** (inilapat sa 2017, 2018, at 2019 na mga Dashboard) ay tumingin sa **bilang ng mga porsiyentong puntos** na bumaba ang distrito, paaralan, o pangkat ng mag-aaral na mas mababa sa target na rate ng partisipasyon na 95 porsiyento at inilapat sa 0.25 multa para sa bawat point ng partisipasyon. Ang kabuuang multa ay binawas mula sa average na DFS ng distrito, paaralan, o pangkat ng mag-aaral.

Halimbawang LEA Gamit ang Naunang Kalkulasyon ng Multa sa Rate ng Partisipasyon para sa ELA

Impormasyon ng LEA	Naunang Metodolohiya ng Partisipasyon
Bilang ng mga mag-aaral na naka-enroll sa panahon ng pagsusuri na palugit sa mga baitang 3–8 at baitang 11 at karapat-dapat na lumahok sa ELA summative at mga alternatibong pagtatasa	355 mag-aaral
Bilang ng mga mag-aaral na nasuri	268 mag-aaral
Rate ng partisipasyon	268 mag-aaral ÷ 355 mag-aaral = 76%
Bilang ng mga porsiyentong puntos na bumaba ang LEA nang mas mababa sa 95% target	95% - 76% = 19%
Kalkulasyon ng multa sa rate ng partisipasyon	0.25 multa para sa bawat punto ng porsiyento na bumaba ang LEA nang mas mababa sa 95% target 9 × 0.25 = 4.75 puntong multa
Inayon at panguling kalkulasyon ng DFS Tandaan: Ang average na DFS ng LEA, bago ang multa, ay +16.3.	+16.3 (DFS na walang multa) bawas ang 4.75 (multa sa rate ng partisipasyon) = +11.6 Ang DFS ng LEA ay +11.6 points mula sa Achievement Level 3 Standard Met.

Isang magkatabing paghahambing, sa ibaba, ay nagtatampok sa potensiyal na epekto na mayroon ang bagong metodolohiya sa DFS ng LEA at mga pagtatalaga sa lebel ng katayuan.

DFS na Walang Multa	DFS na may Nakaraang Multa sa Rate ng Partisipasyon	DFS na may 2022 na Multa sa Rate ng Partisipasyon Gamit ang LOSS
16.3	11.6 (Nananatili ang LEA sa Lebel na Mataas na Katayuan)	-44.9 (Bumaba ang LEA mula sa lebel ng Mataas na Katayuan papunta sa Lebel ng Mababang Katayuan)